

Point VIEWER Publishing

PVN

The Word of God



Mark 10:27 NIV

Jesus looked at them and said, "With man this is impossible, but not with God; all things are possible with God."



by: Bro.
Ernie Acayan

ISSN : 2704 - 4270

VOL. 09

ISSUE NO . 09

SEPT. 28 - OCT. 04, 2026

₱ 15.00

CONSISTENT VISION OF A HEALTHY, READY FILIPINO FAMILY: PBBM VISITS DOST SETUP-ASSISTED ENTERPRISE, SHOWING TANGIBLE COMMUNITY BENEFITS

3



Anti-political dynasty law, dapat malinaw bago ang COC filing ng 2028 NLE

3



Mayor Baste Duterte
haharap sa impeachment
court kaugnay ng
negosyo ni VP Sara

BASAHIN SA PAHINA 2



Exposure sa 'dark web'
at depresyon, pangu-
nahaning sanhi sa pam-
amaryl ng estudyante
sa South Cotabato

BASAHIN SA PAHINA 2



Alas Pilipinas, pinag-
balingan ang Qatar
sa Asian Games clas-
sification round

BASAHIN SA PAHINA 8

Ombudsman, nagkasa ng 'fact-finding investigation' ukol sa nadiskubrenang 'ghost internet scheme'

PAHINA 3

PAHINA 3

Sen Robin Padilla,
ayaw nang tumakbo sa
pulitika; nagmungkahi
ng mga ka-tandem ni
VP Sara Duterte



Gilas Wom-
en, pasok na
sa quarterfi-
nals ng 20th
Asian Games

PAHINA 8



Pickleball World No. 1 Anna Leigh Waters, bibisita sa PH

BASAHIN SA PAHINA 8

	
LEMUEL D. JUNIO Publisher DARYL JETT M. ALVAREZ Editor-in-Chief JOELA CANTOR Assistant DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ Layout Artist	DISCLAIMER READERS, BUYERS & SELLER and PRO-SPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING. PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.
PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and 'principles' in the private and public sectors!	INFORMATION Contact Number +63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802 Website www.pvnpp.com Email Address pvnpointviewerpublishing@yahoo.com pvnpointviewerpublishing@gmail.com ADVERTISING RATE Commercial/Display: P200.00/column Centimeter Classified/Legal Notice: P160.00/column Centimeter

Consistent Vision of a Healthy, Ready Filipino Family: PBBM Visits DOST SETUP-Assisted Enterprise, Showing Tangible Community Benefits

Reinforcing the national government's commitment to food security and science-driven nutrition, President Ferdinand R. Marcos Jr. visited Nutridense Food Manufacturing Corporation (NFM) in Sta. Barbara, Pangasinan to witness personally how science, technology, and innovation drive the creation of healthy, nutritious food products.



The President was warmly welcomed by Department of Science and Technology (DOST) Secretary Renato U. Solidum Jr., alongside NFM owner Mr. Racky D. Doctor, DOST Undersecretary for Regional Operations Engr. Sancho A. Mabborang, DOST Ilocos Region Director Teresita A. Tabago, DOST Pangasinan Provincial Director Engr. Arnold C. Santos, and the DOSTOneSciglat family. During the visit, Secretary Solidum and Mr. Doctor toured the President through the facility and showcased the technologies adopted by NFM through the DOST, demonstrating how science-based research is transformed into healthy, high-impact food products. President Marcos highlighted

ed that solving national hunger requires addressing food quality alongside volume. "Tinitignan natin itong operation na, it's a very good example na ating ginagawa para sa ating food supply. Pero just as the slogan here, 'More than food, We provide your nutrition,' it is not only a food supply, but also about proper nutrition, dahil hindi lang sapat na isa lang ang ating kinakain, kailangang balanse ang nutritional value ng ating mga produkto," PBBM stated.

Secretary Solidum reinforced this strategic vision, pointing to NFM as a clear example of how scientific research moves public-private collaboration forward. "Gusto nating mapakita ang partnership ng gobyerno at private sector para mapal-

akas ang adhikain natin na magkaroon ng food security. At dito sa Nutridense FMC, pinapakita po natin dito yung kanilang mga operation at kung anong mga produkto na galing sa DOST ang kanilang kinocommercialize," Solidum said.

NFM's enterprise journey illustrates how government assistance fuels long-term business transformation. The company partnered with DOST's Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP) in 2009 to scale up its operations in water disinfection (Hyposol) and in 2015 to enhance production processes for complementary food products. Today, NFM stands as a medium-scale model enterprise, recognized as the 2025 SETUP PRAISE

National Winner by DOST and the 2025 Presidential Awardee for Outstanding MSMEs.

The company's expansion has yielded a significant economic and social impact, growing from just 7 employees at the beginning to a total of 300 employees today. To fuel this enterprise growth, NFM has adopted 48 DOST-related technologies, consisting of 35 DOST-Food and Nutrition Research Institute (DOST-FNRI) technologies, additional ten (10) new technologies, and three (3) DOST-Industrial Technology Development Institute (DOST-ITDI) technologies, building a sustainable business model that strengthens the regional economy while serving as a primary private-sector partner for national agencies across 16 regions nationwide.

NFM's impact relies on a broad portfolio of fortified and complementary products, such as Nutridense Premix (Iron Rice Premix / Iron Fortified Kernel 1) and

DOST-FNRI Rice-Mongo blends used in feeding programs to combat malnutrition. Building on this momentum, the company officially signed a Technology Licensing Agreement with the DOST-FNRI for the adoption of 10 newly developed Ready-to-Eat technologies to strengthen national disaster relief pipelines, address malnutrition, and create direct market demand for local agricultural produce.

Guided by a shared mission to combat malnutrition, Nutridense demonstrates how targeted public funding, private entrepreneurship, and practical science come together to build strong local industries and secure a healthier future for Filipino families. Ultimately, the visit of the President showcases strong government support for investing in initiatives that secure food safety while continuing to deliver safe, healthy products that benefit all families and all Filipinos. (DOST IR)



63M commuters, apektado sa posibleng kawalan ng pondo ng EDSA Busway sa 2027 -DOTR Chief

Aabot sa 63M commuters na gumagamit ng EDSA Busway kada taon ang posibleng maapektuhan kapag walang pondo ang proyekto sa 2027.

Ayon kay Acting Transportation Secretary Giovanni Lopez, kailangan ng Department of Transportation ng P. 1756 bilyong pondo para sa pagpapalutay at modernisasyon ng EDSA Busway Project.

Sa pagdinig ng Senate Subcommittee on Finance, sinabi ni Lopez na mahigit 60M pasahero ang gumagamit ng EDSA Busway noong 2025, at tinatayang aabot sa 63M kada taon ang umaasa rito.

Kapag walang pondo, maaaring maantala ang mga proyekto para sa pagpapalutay ng mga busway station, kabilang ang mga elevator para sa senior citizens at persons

with disabilities, gayundin ang paglilinis at seguridad sa mga istasyon.

Kasabay nito, isinasagawa ng ahensya ang rehabilitation ng mga istasyon sa Bagong Barrio, Balintawak at Guadalupe, habang magtatayo rin ng bagong stations sa Cubao, Magallanes at PITX.

Una nang sinabi ng DOTR na zero allocation ang inilaan sa naturang Busway Project para sa 2027 dahil sa masikip na fiscal space ng pamahalaan.

Bukod sa busway, zero allocation din ang Service Contracting Program at Fuel Subsidy Program na kapwa may tig-Php 5B hinihingi pondo ng kagawaran.

Tinatayang Php 300.96B naman ang proposed budget ng DOTR para sa 2027.

Anti-political dynasty law, dapat malinaw bago ang COC filing ng 2028 NLE

Igininit ng Commission on Elections (COMELEC) ang suporta nito sa pagpasa ng batas laban sa political dynasty, kasundin ng direktiba ng Supreme Court sa Kongreso.

Matatandaang noong Agosto 26, 2026, nagdesisyon ang Supreme Court na may mandatory constitutional duty ang Kongreso na magpasa ng batas na nagbabawal sa political dynasties.

Batay sa Article II, Section 26 ng 1987 Constitution, dapat tiyakin ng Estado ang pantay na pagkakataon sa public service at ipagbawal ang political dynasties na

dapat tukuyin sa pamamagitan ng batas.

Ayon sa Supreme Court, 39 na taon nang walang komprehensibong anti-political dynasty law kaya itinuring nitong grave abuse of discretion ang matagal na pagkabigo ng Kongreso na tumakbo sa tungkulin nito.

Inatasan ng Korte ang Kongreso na kumilos at ipasa ang naturang batas sa lalong madaling panahon.

Sinabi ni COMELEC Chairman George Garcia na consistent ang suporta ng komisyon sa anti-political dynasty law. Panawagan niya sa Kongreso, dapat madaliin ang pagpasa ng batas

dahil malapit na ang filing ng Certificate of Candidacy o COC sa Setyembre 20 hanggang 26.

Ayon kay Garcia, kailangan ding malinaw at tiyak ang magiging probisyon upang maiwasan ang malawak na interpretasyon ng COMELEC sa pagpapatupad nito.

Kapag naisabatas na, kailangan pa niyang gumawag ang COMELEC ng implementing rules and regulations o IRR.

Sinabi ni Garcia na handang ipatupad ng COMELEC ang batas, kabilang na kung magiging epektibo ito sa 2028 elections.

Sen Robin Padilla, ayaw nang tumakbo sa pulitika; nagmungkahi ng mga ka-tandem ni VP Sara Duterte

Inihayag ni Senator Robin Padilla na wala na siyang planong muling tumakbo sa pulitika at mas nais niyang mamuhay nang tahimik kasama ang kanyang pamilya.

Sa kanyang post online, sinabi ni Padilla na malit pa ang kanyang mga anak at isang tahimik na buhay-Islam ang kanyang pinapang-arap.

Nagpasalamat din si Padilla sa mga kaibigang humihikayat sa kanyang manatili sa pulitika, ngunit sinabi niyang hindi Ito nababagay sa

mundong Ito.

Samantala, imimungkahi niya sina Senators Alan Peter Cayetano, Imee Marcos, Bong Go, Ronald dela Rosa, Rodante Marcella at Atty. Salvador Panelo bilang mga posibleng ka-tandem ni Vice President Sara Duterte sa 2028 presidential elections.



LAYING OUT FLOOD MANAGEMENT MEASURES



Inihahain ni Kalihim ng Department of Public Works and Highways (DPWH) Vivencio Dizon ang mga immediate, medium-, at long-term measures para sa flood management ng Lalawigan ng Bulacan sa ginanap na pagpupulong kasama ang mga opisyal ng lalawigan at mga lokal na pamahalaan sa pangunguna ni Gobernador Daniel R. Fernando

sa Balagtas Hall, Hiyas ng Bulacan Convention Center, Lungsoy ng Malolos, Bulacan noong Biyernes. Makikita rin sa larawan sina (kaliwa) Panlalawigang Tagapangasiwa Antonia V. Constantino at (kanan) DPWH OIC-Undersecretary for Technical Services and Operations for External Convergence Projects Lara Marisse I. Esquibil.

Ombudsman, nagkasa ng 'fact-finding investigation' ukol sa nadiskubrang 'ghost internet scheme'

Nagkasa ng imbestigasyon ang Office of the Ombudsman ukol sa natuklasang panloloko sa mga 'Information Technology Systems projects' sa bansa. Isiniwalat mismo ni Assistant Ombudsman Atty. Mico Clavano ang tinaguriang 'ghost internet scheme' na nadiskubre ng tanodbay.

Ito aniya'y mga proyektong pinondohan ng bilyun-bilyong piso halaga para sa 'IT Systems' na kinakailangan ng mga ahensiya ng gobyerno.

Bagama't dumadaan sa pagsusuri ang mga 'hardwares' tulad ng 'routers' at makina, hindi umano kabilang dito ang pag-inspeksyon sa kalakip ng 'softwares'.

Dito na aniya papasok ang 'loop-

hole' kung saan may pagkakataon na ang kontraktor na gumagamit na lamang ng mas mura, outdated, at pekeng softwares nang sinisingil pa rin ng buo ang gobyerno.

Gayundaman, iniimbestigahan na ito ng Ombudsman lalo pa't nakakalusot umano ang 'overpricing' na 'softwares' sa kadahilang hindi nababantayan.

Ayon kay Ombudsman Spokesperson Clavano, ang Department of Information and Communications Technology ang siyang magiging sentro ng kanilang imbestigasyon.

Layon aniya ditong masagot ang ilang katanungan katulad ng kung gumagana ba ang 'install' na mga koneksyon alinsunod sa kontrata.

Katanggap-tanggap o 'reasonable' ba ang presyo ng ginamit na 'softwares' at 'hardwares' sa mga proyekto at hindi sobrang mahal sa 'overpriced'.

Panghuli'y nais din malaman ng Office of the Ombudsman kung sino ang nag-apruba, nagsertipika at nagpahintulog na mabayaran ang mga proyektong gayon hindi naman nai-deliver o nai-patupad.

Sa kasalukuyan, 'no comment' muna ang Department of Information and Communications Technology patungkol sa kinasasangkutan isyu.

Habang hindi na idinatalay pa ni AO Clavano ang partikular na mga proyektong sapagkat aniya'y nasa ilalim na ito ng 'fact-finding stage'.

Samahan ng Manggagawa sa Industriya ng Live Event tinayak ang pag-alalay sa mga manggagawa

Samahan ng Manggagawa sa Industriya ng Live Event (SMILE), isinusulong ang proteksyon at mas matatag na kabuhayan para sa live events workers.

Quezon City, Philippines — Mas malinaw na labor standards, social protection at mga oportunidad para sa tuloy-tuloy na trabaho ang nais isulong ng SMILE para sa mga manggagawa sa live events industry, partikular ang mga project-based at freelance workers.

Ayon sa grupo, mahalagang magkaroon ng mekanismo na makatutulong sa workers na manatiling may kabuhayan kahit natapos ang isang production project.

Kabilang sa mga umaa- sa sa project-based work ang stagehands, technicians, riggers, production assistants, drivers, suppliers, performers at iba pang personnel na bumubuo sa isang live event.

Dahil nakadepende sa mga proyekto ang kaniyang trabaho, maaring mawalan agad ng pagkakakitaan ang ilang workers matapos ang concert, festival, corporate event o iba pang production.

Registry para sa skilled workers

Isa sa mga mungkahi ng SMILE ang pagtatag ng national industry registry para sa mga kwalipikadong manggagawa sa live events.

Maaaring ilista rito ang kaniyang specialization, experience at training upang makatulong sa job matching at mas mabilis na pagkonekta ng skilled workers sa mga available na proyekto sa

iba't ibang panig ng bansa.

Kasabay nito, nais ding palakasin ang skills training at certification programs para sa technical at production roles.

Iginiit ng grupo na hindi naman layunin ng panukala na baguhin ang project-based nature ng industriya.

Mas madaling access sa social protection

Binigyang-diin din ng grupo ang pangangailangang mapalawak ang access ng freelance at project-based workers sa SSS, PhilHealth, Pag-IBIG, insurance at iba pang social protection programs.

Kabilang sa mga isinusulong ang portable benefits system, kung saan maaring magpatuloy ang benepisyo ng isang worker kahit magtatapos na ang kanyang kontrata o lumipat siya sa ibang project.

Layunin nitong mabawasan ang agwat sa proteksyon sa pagitan ng regular at project-based workers.

Safety standards, overtime at timely payment.

Bukod sa job security, nais ding magkaroon ng mas malinaw na pamantayan sa working conditions sa industriya.

Kabilang dito ang working hours, overtime arrangements, kontrata, compensation at timely payment.

Mahalaga rin, ayon sa grupo, ang occupational safety dahil may mga production worker na humaharap sa panganib mula sa pagtatrabaho sa mataas na lugar, electrical systems, heavy equipment,

rigging, transport at overnight setup at dismantling.

Iminumungkahi ang industry-specific safety standards, sapat na training at malinaw na accountability kapag hindi nasusunod ang mga itinakdang pamantayan.

Professionalization ng industriya

Para sa SMILE, makatutulong din ang mas organisadong training at certification pathways sa professionalization ng live events workforce.

Bukod sa pagbibigay ng mas malinaw na career development para sa workers, maaari rin itong makatulong sa pagpapataas ng production standards at pagkilala sa skills ng Filipino technical at production personnel.

National dialogue para sa sektor

Iminumungkahi rin ng grupo ang pagkakaroon ng regular na national dialogue na lalahukan ng mga manggagawa, production companies, event organizers, suppliers, performers at kinaaukulan ng government agencies.

Layunin nitong mabuo ang mga polisiya at programa batay sa aktuwal na kalagayan ng mga taong nagtatrabaho sa live events industry.

Sa pamamagitan ng mga hakbang na ito, nais ng SMILE na magkaroon ng mas malinaw na balance sa pagitan ng flexibility na kailangan ng live events industry at ng seguridad, proteksyon at professional development na kailangan ng mga manggagawa nito.

preparations.

Ayon kay Garcia nasa Kongreso ang magiging desisyon kung itutuloy o ipagpapaliban ang halalan, habang tungkulin ng COMELEC na ipatupad ang magiging batas.

Hinimok din ni Garcia ang publiko na huwag basta maniwala sa mga kumakalat online na kanselado na ang November 2 BSKE.

Aniya, hangga't wala pang batas na nagpapaliban sa halalan, mananatili ang November 2 bilang election day.

Kapag naisabatas ang panukala, ililipat ang susunod na BSKE sa ikalawang Lunes ng November 2028.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
OFFICE OF THE CLERK OF COURT AND
EX-OFFICIO SHERIFF
QUEZON CITY
Email Address: rtc1qznoco@judiciary.gov.ph
Mobile No./Landline No. 09155083986/89243843

BDO UNIBANK, INC.,
Mortgagee,

FRE NO. 16787

-versus-

**SPS. HAROLD BOTE DATA AND
VERONICA BAJAR DATA,**
Debtors/Mortgagor/s,

x-----x

NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE OF REAL PROPERTY/IES UNDER ACT 3135 (AS AMENDED)

UPON extra-judicial petition under ACT 3135, as amended by ACT 4118 and pursuant to the terms and conditions of the **UNIFORM LOAN AND MORTGAGE AGREEMENT (Real Estate)**, executed on March 24, 2022 ("Loan") June 16, 2023 ("Mortgage"), by **VERONICA BAJAR DATA**, signing for herself and as attorney-in-fact of **HAROLD BOTE DATA**, Debtors/Mortgagors, with residence and postal address at Lot 6, Block 3, Montevilla Townhomes, Nova Hills Drive, Bagumbong, Caloocan City 1421; Unit No. 0249, 2nd Floor, Tower 21, Trees Residences, Quirino Highway, Barangay Pasong Putik, Novaliches, Quezon City, favor of **BDO UNIBANK, INC.**, Mortgagee/s, to satisfy the mortgage debt in the total amount of **P2,372,684.58** as of **August 5, 2026**, inclusive/exclusive of interest, penalties, and other charges together with all the lawful fees and expenses of foreclosure sale, the Ex-Office Sheriff of the Regional Trial Court of Quezon City and/or his duly authorized Deputy Sheriff, hereby announces that on **November 10, 2026** between the hours of 9:00 A.M. to 4:00 P.M., at the Office of the Clerk of Court & Ex-Office Sheriff, Regional Trial Court, Hall of Justice Bldg., (beside, Quezon City Hall) Elliptical Road, Diliman, Quezon City, will **SELL** through public auction to the highest bidder and for cash, in Philippine currency, the following described real property/ies with all the improvements existing thereon, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE
NO. 004-2023006727
Registry of Deeds, Quezon City**

TREES RESIDENCES

TOWER 21

TOWER: 21

FLOOR: 2
UNIT NO: 249
UNIT TYPE: 2-BEDROOM UNIT
UNIT AREA: 30.36 SQ. M.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on Transfer Certificate of Title 2015000343 which embraces and describes the land located at QUIRINO HIGHWAY, BRGY. PASONG PUTIK, NOVALICHES, QUEZON CITY with an area of TWENTY-SIX THOUSAND TWO HUNDRED NINETY-THREE (26,293) Square Meter."

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the aforesaid Office on the above stated date and time.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title/s to the said property/ies and the encumbrances thereon, if there be any.

In the event that public auction should not take place on said date due to fortuitous event or if the same be declared a non-working holiday or for any other lawful/valid reasons, it shall be held on **November 24, 2026**, at the same time and place without further notice.

Quezon City, Metro-Manila, September 24, 2026.

(SIGNED)
FRUCTOSO L. LOJA
Sheriff IV

(SIGNED)
GREGORIO C. TALLUD
Clerk of Court VII and Ex-Office Sheriff

Copy furnished:

BDO UNIBANK, INC.
CONSUMER REMEDIAL MANAGEMENT UNIT
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas
No. 12, ADB Ave., Mandaluyong City

VERONICA BAJAR DATA, signing for herself and as attorney-in-fact of **HAROLD BOTE DATA** Lot 6, Block 3, Montevilla Townhomes, Nova Hills Drive, Bagumbong, Caloocan City 1421

Unit No. 0249, 2nd Floor, Tower 21, Trees Residences, Quirino Highway, Barangay Pasong Putik, Novaliches, Quezon City

WARNING:
It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sheriff's Sale on or before the date of the auction sale under penalty of the law

Newspaper: **PVN Point Viewer Publishing**
Dates: **September 28, October 05 & 12, 2026**

BSKE COC filing, ititigil ng COMELEC kapag naisabatas ang term extension; aminadong nasa alanganin sa paghahanda para sa BSKE

Hindi na magbubukas ang Commission on Elections (COMELEC) ng filing ng Certificate of Candidacy (COC) para sa Barangay at Sangguniang Kabataan Elections (BSKE) kung magiging batas ang panukalang nagpapaliban sa halalan bago ang September 28.

Ayon kay COMELEC Chairman George Erwin Garcia, nakatakda ang COC filing mula September 28 hanggang October 5 para sa November 2 elections.

Kung magiging batas naman ito matapos mag-simula ang COC filing, agad ding susipindihin ng COMELEC ang proseso.

Aminado si Garcia na

nasa alanganing sitwasyon ang COMELEC sa paghahanda sa halalan dahil kahit maging batas ang postponement, maaari pa rin itong kuwestiyunin sa Korte Suprema.

Sa kabila nito, tuloy ang paghahanda ng COMELEC para sa November 2 elections hangga't wala pang batas na nagpapaliban dito.

Kabilang sa paghahanda ang deployment ng mga election materials at equipment sa mga malalayong lugar, na inaasahang mag-sisimula sa unang linggo ng Oktubre.

Nasa walong bilyong piso na ang nagastos ng COMELEC para sa BSKE

preparations.

Ayon kay Garcia nasa Kongreso ang magiging desisyon kung itutuloy o ipagpapaliban ang halalan, habang tungkulin ng COMELEC na ipatupad ang magiging batas.

Hinimok din ni Garcia ang publiko na huwag basta maniwala sa mga kumakalat online na kanselado na ang November 2 BSKE.

Aniya, hangga't wala pang batas na nagpapaliban sa halalan, mananatili ang November 2 bilang election day.

Kapag naisabatas ang panukala, ililipat ang susunod na BSKE sa ikalawang Lunes ng November 2028.

Isinusulong ni Parangue 2nd District Rep. Brian Yamsuan sa Kongreso ang pagtatag ng isang ligtas at pinag-isang Electronic Medical Records (EMR) system para mapabuti ang serbisyo sa mga pasyente at mabawasan ang gastos sa health care ng pamahalaan.

Ayon kay Yamsuan, makatutulong ang centralized digital system sa mas maayos na koordinasyon ng mga ospital ng Department of Health (DOH) at mga health facility na pinamamahalaan ng mga lokal na pamahalaan.

Ginawa ni Yamsuan ang panukala matapos talakayin sa pagdiming ng House Committee on Appropriations ang panukalang badyet ng DOH para sa 2027.

Sinabi ni Health Secretary Edwin Mercado na kabilang sa mga hakbang upang maging mas episyente ang pagpagastos sa kalusugan ang pagpapalakas ng referral system sa pagitan ng DOH hospitals at mga pasilidad ng LGU. Sinabi ni Yamsuan, mahalaga ang unified EMR sa sistemang ito dahil maiiwasan ang paulit-ulit na pagsusuri sa pasyente.

resulta.

Sa ilalim ng panukala, ilalagay sa isang secure at centralized digital platform ang mahahalagang impormasyon sa kalusugan ng mga pasyente.

Saklaw nito ang mga pampublikong health facility ng DOH, LGU at government-owned hospitals, at maaari itong palawakin sa maaari itong palawakin sa mga pribadong ospital, klinika, diagnostic center at iba pang health service provider.

Tanging ang mga pasyente, awtorisadong kinatawan at accredited health facilities lamang ang papayagang makagamit ng EMR.

Maaari ring pahintulutan o bawiin ng pasyente

ang access sa ilang sensitibong impormasyon, maliban sa medical emergencies at mga kasong kinakailangan ng batas. Itatalaga sa DOH, Department of Information and Communications Technology (DICT) at PhilHealth ang pagtatag ng sistema.

Tutulong naman ang National Privacy Commission sa data protection, ang Department of the Interior and Local Government (DILG) sa koordinasyon sa mga LGU health unit, at ang Philippine Statistics Authority (PSA) sa pagkilala sa identidad ng mga pasyente. Pangangatagan Magkakaroon din ng hard copies ng EMR bilang backup records.



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
PASIG CITY

OFFICE OF THE CLERK OF COURT & EX-OFFICIO SHERIFF
rtc1pasocc@judiciary.gov.ph (email)
(0956) 204-8186

CORINTHIAN EXECUTIVE
REGENCY, INC.,
Petitioner,

File No. 26-234-REM
For: Extra Judicial Foreclosure of
Real Estate Mortgage Under
Act 3135, as Amended by
Act 4118 in relation to Sec.
20, R.A. 4726 (otherwise
known as the
Condominium Act)

-versus-

MAUREEN J. FREDELUCES,
Respondent.

NOTICE OF SHERIFF'S SALE

Upon extrajudicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 in relation to Section 20 R.A. 4726 (otherwise known as the Condominium Act) filed by the petitioner CORINTHIAN EXECUTIVE REGENCY, INC. with office address at Lot 2, Block 1, Ortigas Center, Ortigas Avenue, Pasig City, against the respondent/unit owner, MAUREEN J. FREDELUCES, with address/es at (1) Unit Nos. 3821 and 3822, Corinthian Executive Regency, Lot 2, Block 1, Ortigas Center, Ortigas Avenue, Pasig City; and (2) 113 Sct. Alcaraz St., Sta. Mesa Heights, Quezon City, and for the satisfaction of the overdue and unpaid assessments which as of July 14, 2026 amounts to PESOS: FOUR HUNDRED TWENTY-EIGHT THOUSAND NINE HUNDRED SEVENTY-ONE and 53/100 (PhP428,971.53) inclusive of association dues, penalties and other charges, exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the Clerk of Court & Ex Officio Sheriff of Pasig City or her duly authorized Sheriff, pursuant to the Amended Master Deed with Declaration of Restrictions of the petitioner, Part II, (Section 6c), will sell at public auction on **November 26, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, in front of the Main Entrance of Temporary Pasig City Hall, Pasig City to the highest bidder and for CASH, in Philippine Currency, the real properties mentioned in the said real estate mortgage together with all its improvements existing thereon, to wit:

Condominium Certificate of Title
No. 011-2011005952
(Republic Act No. 4726)

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

UNIT: 3821
UNIT AREA (SQ. M.): 27.06
LOCATION: THIRTY EIGHTH FLOOR
WHICH UNIT FORMS PART OF "CORINTHIAN EXECUTIVE REGENCY".

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE PT-121401 which embraces and describes the land located at ORANBO, PASIG CITY with an area of ONE THOUSAND SEVEN HUNDRED FORTY-NINE (1,749) Square Meter, is registered in the name of:

Owner: MAUREEN J. FREDELUCES, SINGLE, OF LEGAL AGE, FILIPINO

Condominium Certificate of Title
No. 011-2012001009
(Republic Act No. 4726)

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

UNIT: 3822
UNIT AREA (SQ. M.): 26.21
LOCATION: THIRTY EIGHTH FLOOR
WHICH UNIT FORMS PART OF "CORINTHIAN EXECUTIVE REGENCY".

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE PT-121401 which embraces and describes the land located at ORANBO, PASIG CITY with an area of ONE THOUSAND SEVEN HUNDRED FORTY-NINE (1,749) Square Meter, is registered in the name of:

Owner: MAUREEN J. FREDELUCES, SINGLE, FILIPINO, OF LEGAL AGE,

Prospective bidders and/or buyers are enjoined to investigate for themselves the title of the said properties and the encumbrance thereon if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **December 17, 2026** at same time and place without further notice.

Pasig City, September 14, 2026.

(SIGNED)
EDWIN S. CARIÑO
Sheriff IV

(SIGNED)
ATTY. ROSALIE C. AROSA
Clerk of Court VII and Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:
All concerned. . .

CORINTHIAN EXECUTIVE REGENCY, INC.,
Lot 2, Block 1, Ortigas Center, Ortigas Avenue, Pasig City

MAUREEN J. FREDELUCES
(1) Unit Nos. 3821 and 3822, Corinthian Executive Regency, Lot 2, Block 1, Ortigas Center, Ortigas Avenue, Pasig City
(2) 113 Sct. Alcaraz St., Sta. Mesa Heights, Quezon City

Newspaper: PVN Point Viewer Publishing
Dates: September 28, October 05 & 12, 2026

Kampo ng Ombudsman: "Unacceptable" ang umano'y pagtanggap ni Marcoleta ng P75 milyon na undeclared funds

Ipinagpatuloy ang bail hearing ni Senator Rodante Marcoleta at ng iba pang akusado, kaugnay sa 75 million pesos undeclared funds sa Sandiganbayan Third Division, kahapon, September 17.

Sa pagdinig, tumestigo bilang state witness si Luzon Field Investigation Bureau Director Maria Melinda Mananghaya-Henson.

Inilahad niya ang nagiging fact-finding investigation ng kanilang kampo kaugnay ng umano'y P75 milyong pondo na iniugnay sa plunder case. Ayon kay Manang-

haya-Henson, umano'y nagsoliscit si Marcoleta ng P20 milyon mula sa businessman na si Aristotle Viray, na isa sa mga donor na iniugnay sa naturang kaso.

Sa paglilinau naman kay Associate Justice Karl Miranda, chairperson ng Sandiganbayan Third Division, sinabi ni Mananghaya-Henson na nakasaad umano ang pahayag ni Viray sa kanyang counter-affidavit na isinumite sa preliminary investigation ng Ombudsman. Ayon pa sa state witness, "unacceptable" o hindi katanggap-tanggap umano

ang pagtanggap ni Marcoleta ng P75 milyon na donasyon noong siya ay congressman pa. Iginiiit niya na, batay sa kanyang pahayag, aabutin umano ng humigit-kumulang 20 taon ang isang congressman upang makai-pon ng ganoong kalaking halaga. Dagdag ni Mananghaya-Henson, anumang umano ang likas o pinagmulan ng pera, may indikasyon tinatakan nito ang tunay na layunin ng donasyon. Binanggit din niya ang timeline ng transaksyon: umano'y natanggap ni Marcoleta ang P75 milyon noong Enero

2025, ngunit napadokumento o napanataryo lamang ang kaukulang kasunduan noong Nobyembre ng parehong taon. Ayon sa kampo ng Ombudsman, hindi pangkaraniwan o "beyond normal" ang ganitong kalaking halaga na umano'y natanggap ng isang public official. Anila, may pananatagan ang mga opisyal ng gobyerno sa mga pondong kanilang natatangap at dapat itong maging alinsunod sa mga umiiral na pamantayan sa public accountability. Samantala, nagpahayag din ng pagkadimaya si Marcoleta

kaugnay ng hindi niya pag-sama sa botohan tungkol sa nagpapatuloy na impeachment trial ni Vice President Sara Duterte. "I don't think the threshold is a subject of violation. It's already in the constitution. Nobody has the right to change the language of the constitution." Nang tanungin naman kung nabalitaan niya ang tungkol kay dating house speaker Romualdez at kung nagkita na ba sila sa loob ng BJMP facility, maikling sagot lamang ang kanyang ibinigay. "The answer to both question is 'no.'"

NEA, maglalaan ng 7 bilyong piso sa panukalang 2027 budget nito upang tuluyang maalis ang system loss charge

Humihiing ng kabuuang 10 bilyong pisonang panukalang pondo para sa taong 2027 ang National Electrification Administration (NEA), kung saan ang 3 bilyon dito ay ilalaan para sa line enhancement at ang 7 bilyon ay para sa karagdagang pondo sa loan equity fund ng ahensya.

Bilang paglilinau ni National Electrification Administration (NEA) Administrator Antonio Mariano Almeida sa naging katungkulan ni Senator Erwin Tulfo ukol sa paglalaan ng 7 bilyong piso, sinabi ni Almeida na ang pondong ito ay ipapautang sa mga electric cooperatives (ECs) bilang panggasut sa mga kinakailangang kagamitan nito.

Pangunahing layunin

ng hakbang na maalis sa buwanang kuryente ng mga konsyumer ang nawawalang kuryente o "system loss" na dulot ng pagnanakaw, nang sa gayon ay bumaba na ang gastusin na matagal ng reklamo ng mga ito.

Dahil dito, malaki ang inaasahang magagamit na pera ng mga kooperatiba para sa metering requirements, kaya kailangang masukat nang maayos ang pondong kakailanganin upang maiayos o mapalitang ang mga lumang metro.

Bilang bahagi ng mahigpit na aksyon dito, lahat ng walang metro o may nakaw na koneksyon ay putulan, habang ayusin at alagaan ng bagong metro ang lahat ng konsumer kabilang na ang mga nahuling na-

kajumper.

Upang masigurong epektibo ito, nahahati sa apat na phase ang programa, sa Phase 1 ay magbabawas ng 25 % non-technical loss na nagkakahalaga ng 4 bilyong piso sa capital expenditure habang sa Phase 2 naman ay magbabawas ng nasa 50% na may 1 bilyong piso.

Samantala, sa Phase 3 ay aabot ng 75 % na tinatayang aabot sa 1 bilyon at sa huling Phase ay ang 100 % o total elimination na nagkakahalaga naman ng 1.5 bilyong piso.

Matatandaang nitong Setyembre 14 ay inalis na rin ng BIR ang 12% Value-Added Tax (VAT) sa allowable system loss charge sa ilalim ng Revenue Memorandum Circular No. 97-2026.

Pagsusulong ng tunay na Anti-Political Dynasty Law, dapat maging legacy ni PBBM ayon sa petitioner

Dapat umanong maging legacy ng administrasyon ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. ang pagsusulong ng isang tunay na Anti-Political Dynasty Law.

Ito ang inihayag ni Atty. Howard Calleja, co-con-

venor ng ISAMBAYAN, matapos utusan ng Korte Suprema ang dalawang kapulungan ng Kongreso na magpasa ng naturang batas kaugnay ng halos apat na

dekada nang kawalan ng aksyon ukol dito.

Biniyang-diin ni Calleja na hindi nila tatanggapin ang anumang panukalang batas na lalabag o kontra sa tunay na kahulugan at layunin ng probisyon laban sa political dynasty.

Dagdag pa ng abogado, bagamat nagbigay ang Kataas-taasang Hukuman ng mga panuntanan at substansiya na maaring gamiting gabay ng mga mambabatas,

nilinau niya na hindi direktang mauutusan ng korte ang Kongreso kung ano ang magiging pinal na depinisyon nito.

Ayon sa grupo, nananatili sa kamay ng mga mambabatas ang pagbabatas ng probisyon ngunit nararapat lamang na sundin ng pamahalaan ang atas ng Konstitusyon upang tuluyang wakasan ang monopolyo sa kapangyarihan sa bansa.

P233.85B budget proposal ng NIA para sa 2027, kinwestiyon ng Senado

Kinwestiyon ng Senado ang naunang ipinanukalang budget na P233.85B ng National Irrigation Administration (NIA) para sa 2027.

"Bakit kayo humihiing ng napakalaking [budget]? Siguro alam na ninyo na hindi aaprubahan?" pagkukwestiyon ni Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform chairperson Sen. Francis "Kiko" Pangilinan sa budget briefing ng ahensiya.

"Impraktikal" din daw ito ayon kay Sen. Imee Marcos kung saan pinuna rin ng senadora na hindi pa nagagamit nang lubos ng ahensiya ang buong budget na P64.37B para sa kasalukuyang taon. "Nagtataka lang ako, I'm also perplexed by this huge increase requested, although siyempre gusto natin i-accommodate lahat 'yan dahil kailangan na kailangan with the impending 'Godzil-

la' El Niño. Pero considering na hindi niyo naman nagastos 'yung 2026 budget. Mayroong halos P17B na continuing appropriations, hindi niyo nagastos," aniya.

Pagpapaliwanag naman ni NIA Administrator Eduardo Eddie Guillen repleksiyon lamang ito ng matinding pangangailangan ng sektor.

Dagdag pa niya, ikinonsidera ng NIA ang mga kahilingan ng Regional Development Councils (RDC) kaya't lumobo sa nasabing halaga ang orihinal na ipinanukala ng ahensiya.

"So ang trabaho natin ipakita natin 'yung pangangailangan at request. Of course, kaya naman po natin kung ano po 'yung merong budget ay 'yun po 'yung i-implement natin. It's just that kailangan namin ipakita 'yung itoong sitwasyon,' paglilinau ni Guillen.

Kabilang din sa pinuna

ang P1.7B na quick response fund, kumpara sa P300M na nakalaan para sa kasalukuyang taon. "Saksakan ng laki ito. Gusto namin malaman what disaster risks are you intending to cover? Ano bang plano diyan at napakalaki?" pagkukwestiyon ni Marcos. Tugon naman ni Guillen na inestima ng administrasyon ang P100M kada rehiyon, kung kaya't umabot sa nasabing halaga ang kanilang ipinanukala dahil pinagbahandaan aniya ng ahensiya ang banta ng paparating na Super El Niño na maari namang maramadaman sa pagtatapos ng kasalukuyang panahon.

Samantala, P47.43B lamang ang nakalaang budget ng NIA sa 2027 National Expenditure Program (NEP) kung saan ito ay 26% na mas mababa sa itinalangang budget na P64.37B para sa kasalukuyang taon.



Ed Sheeran magdodonate ng \$2-M para sa pagsuporta sa Palestino

Nagpasya ang English singer na si Ed Sheeran na magbigay ng donasyon para sa mga Palestino na naiipit sa dahil sa pag-atake ng Israel.

Una kasing nagbigay ng donasyon ang singer na si Macklemore na aabot sa \$1-M sa kikitain nito sa konsiyerto kasama si Sheeran.

Subalit makalipas ng ilang araw ay nag-anunsiyo ang organizers na hindi na

ito makakasama sa konsiyerto.

Isa sa mga dahilan umano nito ay ang pagbibigay ng suporta sa mga Palestino.

Dinoble naman ni Sheeran ang donasyon ni Macklemore at ginawa niya itong \$2-M.

Kahit na umatras na ang ilang mga singers at artista na magperform sa show ni Sheeran ay itutulong pa rin niya ito sa Philadelphia.



Alagang aso ni dating US pres. Obama na si Sunny pumanaw na

Malungkot na ibinahagi ni dating US president Barack Obama na pumanaw na ang kaniyang aso na si Sunny.

Sinabi nito na labis silang nalulungkot dahil sa naging bahagi na ng pamilya nila sa loob ng 13 taon ang nasabing aso. Mayroong dalawang Portuguese Water Dogs ang Obama family na nanirahan din sa White House.

Naging alaga nila si Sunny sa ikalawang termino ni Obama noong 2013. Nakasalama ng aso ang ilang mga matataas na opisyal noong panahon ni Obama gaya ni Pope Francis. Ang isa nilang aso na si Bo ay regalo ng dating pangulo noong 2009 sa mga anak nila na sina Sasha at Malia at noong 2021 ay namatay din ang nasabing aso.

Japanese-Korean aktres Yuri Nakamura pumanaw na

Pumanaw na ang Japanese-Korean actress Yuri Nakamura sa edad na 44.

Kinumpirma ng kampo nito ang pagpanaw ni Yuri Song sa tunay na buhay matapos ang pakikipaglaban sa rectal cancer.

Naging pribado lamang ang ginawang burol at pawang mga malalapit na kaibigan at kaanak ang dumalo. Ang rectum cancer ay isang paglaki ng cells sa rectum na ilang pulgada lamang ang layo nito sa intestine.



Malawak na sanction law laban sa Russia, nilagdaan ni President Trump

Nilagdaan ni US President Donald Trump bilang ganap na batas ang isang malawak na sanctions package laban sa Russia at Iran na ipinasa ng Kongreso taglay ang pambihirang suporta mula sa dalawang partido.

Pinangalanang "Lindsey O Graham Sanctioning Russia and

Iran Act of 2026," target ng batas si Russian President Vladimir Putin, mga matataas na opisyal, oligarchs, gayundin ang sektor ng enerhiya at depensa ng Moscow. Isang mahalagang probisyon nito ang pagbibigay ng kapangyarihan kay Trump na magpataw ng hanggang 100 porsy-

entong tariff sa limang pinakamalaking mamimili ng langis at gas ng Russia, partikular na ang China at India. Ipinasa ang batas upang bawasan ang pondo ng Kremlin para sa giyera nito sa Ukraine at itulak si Putin na makipagnegosasyon sa ilalim ng maximum pressure. Bag-

aman tinawag ito ni Ukrainian President Volodymyr Zelenskyy na isang napakamakapangyarihang tool, nagbabala naman si House Minority Leader Hakeem Jeffries na maaaring magdulot ng pagtaas ng bilihan para sa mga pamilyang Amerikano ang mga probisyon sa taripa.



Lisensya ni Niño Muhlach sinuspendi ng LTO ng 2 taon

Pinatawan ng Land Transportation Office (LTO) ng dalawang taon na revocation ang driver's license ng aktor na si Niño Muhlach.

Kasunod ito sa pagkakabangga ng aktor sa isang establishment at motor sa Antipolo City noong nakaraang buwan.

Ayon sa LTO na lumabas sa kanilang imbestigasyon na dahil sa labis na kapaguran ng aktor ay nawalan ito ng kontrol sa minamanehong sasakyan.

Dahil sa insidente ay nabangga nito ang tatlong gusali maging ang isang motor rider.

Mananatili namang nasa alarm status ang sasakyan ng aktor para maipatupad ang multa at para maiwasan ang anumang transaksyon na kinanasangkutan nito.

Maguunitang inamin ng aktor na nakatulong ito habang nagmamaneho dahil sa labis na kapaguran.



Mamamayan ng Iran sinuportahan ang kanilang mga sundalo

Nagasagawa ng pagparada ang mga mamamayan ng Iran para ipakita ang kanilang suporta sa gobyerno nila.

Sa nasabing pagpaparada ay ipinakita ng Iranian military ang ilan nilang armas na pandigma.

Ayon sa mga lumahok na mga mamamayan ay handa silang ipagtanggol ang kanilang bansa anumang posibleng pag-atake.

Pinangunahan ni Iranian President Masoud Pezeshkian ang nasabing parada kasa-

ma ang kaniyang mga sundalo, kapulisan at ang Islamic Revolutionary Guard Corps (IRGC) commanders.

Isinagawa ang pagpaparada sa Tehran kung saan layon nito ang kanilang kaahandaan sa posibleng pag-atake ng US.

Maguunitang inanunsiyo ni US President Donald Trump na sa mga susunod na araw ay kaniyang pagdedesisyunan kung ano ang gagawin nilang hakbang sa Iran.

Italy, magpapadala ng warship sa Bab al-Mandeb Strait upang protektahan ang mga commercial vessel

Magpapadala ang Italy ng mga barkong pandigma upang tiyakin ang ligtas na pagdaan ng kaniyang mga commercial vessel sa Bab al-Mandeb strait sa halip na maghintay sa kolektibong desisyon ng European Union.

Inihayag ni Italian Defence Minister Guido Crosetto na may sapat na kakayahang an ang kanilang bansa na protektahan ang natatag na daanan at nagbabala na magiging matindi ang epekto sa ekonomiya kapag lubusang nabara ang shipping corridor.

Paliwanag ni Crosetto, hindi dapat hayaan ng Rome na mapalala pa ng mga bureauratic delay sa paggawa ng desisyon ang lalong nagiging komplikadong sitwasyon sa rehiyon.

Naging mas kritikal ang Bab al-Mandeb strait—na humahawak sa 12 hanggang 15 porsyento ng pandaigdigang kalakalan—matapos kontrolin ng Iran ang Strait of Hormuz sa gitna ng digmaan nito laban sa United States at Israel na nagtulak sa mga bansa tulad ng Saudi Arabia na gamitin ang Red Sea bilang alternatibong ruta ng langis.

Lalo pang tumindi ang banta sa seguridad sa lalawigan matapos makuhang Iran-backed Houthi movement ang kontrol sa buong kanlurang baybayin ng Yemen at mga karatig na isla na nagbibigay sa kanila ng direktang access upang mang-atake ng mga pandaigdigang barko.

Bilang ng centenarians sa Japan, nasa record high na higit 100,000

Pumalo sa panibagong rekord na 107,677 ang bilang ng mga indibidwal na may edad 100 pataas sa Japan ngayong taon, ayon sa Ministry of Health, Labour and Welfare. Kumuha Ng Tutor



Ita na ang ika-56 na sunod-sunod na taon ng pagtaas sa bilang ng mga centenarian sa bansa, kung saan halos 88 porsyento sa kanila ay mga kababaihan.

Ipinagmamalaki ng pamahalaan ang mahabang buhay ng kanilang mamamayan na idinulot ng maunlad na medikasyon, masustansyang pagkain, at aktibong pamumuhay.

Gayundaman, patuloy na lumalala ang krisis sa

demograpiya ng Japan dahil sa mabilis na pagtanda ng populasyon kasabay ng pagbagsak ng birth rate sa pinakamababang antas.

Sa kasalukuyan, halos tatlo sa bawat sampung residente sa Japan ay may edad 65 pataas, at tinatayang aabot pa ito sa 40 porsyento pagdating ng taong 2070. Maghanap Ng Caregiver

Nagduulul ito ng malaking hamon sa ekonomiya

dahil sa kakulangan sa mga manggagawa na nagpopondo sa pension, kalusugan, at mga serbisyong panlipunan ng mga nakatatanda.

Bagaman nagpatupad ang pamahalaan ng mga insentibo at tulong-pinasasul para sa mga pamilya, nananatiling banta sa pundasyong pangkabuhayan ng Japan ang patuloy na paglitig ng populasyon nito.

UN nanawagan ng de-escalation sa Middle East at agarang ceasefire sa Ukraine

Nanawagan si United Nations Secretary-General Antonio Guterres ng agarang de-escalation sa Middle East at ceasefire sa Ukraine bago ang high-level week ng 81st UN General Assembly sa New York.

Ayon kay Guterres, dapat maging pangunahing prayoridad ang pagpigiil sa paglala ng tensyon sa Middle East dahil patuloy na mga sibilyan ang nakararanas ng epekto ng mga labanan.

Hinimok din niya ang lahat ng panig na itigil ang mga hakbang na nakapipinsala sa civilians at tiyaking makapaghahatid ng humanitarian aid nang ligtas at walang sagabal.

Nanawagan din ang UN chief na igalang at ibalik ang navigational rights at freedoms sa Straits of Hormuz at bab Al-Mandab, alinsunod sa international law.

Welsh actor Matthew Rhys nagtala ng record sa Emmy Awards

Nagtala ng record sa kaysaysayan ng Emmy Awards ang Welsh actor na si Matthew Rhys.

Ita ay matapos na magwagi ng dalawang lead acting prize sa loob ng isang gabí.


Unang naiuwi nito ang lead actor award sa pelikulang "The Beast in Me" at lead comedy actor sa "Widow's Bay".

Siya ang unang aktor na nagkamit ng dalawang

award sa 78 taon ng Emmy Awards.

Noon kasi ay mayroong dalawang performers ang nagwagi ng dalawang acting Emmys sa isang gabí pero hindi sa parehas na lead actor.

Nakuha noong 1991 ni James Earl Jones ang lead drama actor award sa pelikulang "Gabriel's Fire" at supporting actor naman sa pelikulang "Heat Wave".



Monday History Facts


Rasputin survived being poisoned and shot

Grigori Rasputin was a Russian mystic and supposed holy man. He became friends with the last Russian Tsar and Tsarina. Over time, he came to influence the Russian royals, much to the displeasure of many members of the Russian nobility. This, combined with his drunkenness and lechery, led to several

Russian nobles forming a plot to assassinate the man.

They invited him over to one of their houses, gave him cakes and wine laced with cyanide, all to no effect, and then shot him in the chest.


To their horror, Rasputin started to cough, and they realized he was still alive!



CROSSWORDS

Across

1. Highly skilled
5. Mop (up), as gravy
8. Valuable item
13. Spring
14. Perlman of "Cheers"
15. "Hello," in Mandarin
16. Star of "Ghost" and "The Substance"
18. Believe without questioning
19. Former
20. Chemical in oven cleaners
22. "New" prefix
23. "I'm a roll!"
24. Informal lingo
26. "For Whom the Bell Tolls," for one
32. Supergirl accessory
33. Actor's prompt
34. One-named singer whose studio albums have numerical titles
35. Braying pack animal
36. Thawing of diplomatic tensions
39. Digital collectible: Abbr.
40. Tale
42. Fruit-filled pastry
43. French friends
44. Indigenous people of Oklahoma who originated in Florida
48. Stately home in the country
49. Wheels
50. No. 1 pal
53. Cow sound
54. French island near Sardinia
58. Perp's excuse
60. Game division, or what can be found in 16-, 26-, and 44-Across
62. Ancient artifact
63. "Up, up, and away!"
64. Dr. Frankenstein's assistant
65. Maroon vegetables
66. Pig heavier than 120 pounds
67. ___ stick



DOWN

1. Gucci of fashion
2. "We've all ___ there"
3. Gold fabric
4. Perfect example
5. Jimmy Choo creation
6. Above, poetically
7. Spanish rice dish seasoned with saffron
8. Insect feelers
9. Knight's title
10. Exclude
11. Smooth sailing
12. Dog who visits Oz
14. Nora Roberts genre
17. Short skirt
21. "Yippee!"
24. Center defender in soccer
25. Immortal being
26. Speed
27. ___ salts: bathwater additive
28. Belly
29. Mobile payment app
30. Small and pointy-eared, perhaps
31. Tennis do-overs
32. Elliot of the Mamas and the Papas
36. Branch of mechanics
37. Diarist Anaïs
38. Pot insulator, in England
41. Part of a basketball hoop
43. Blimp, for one
45. Peace activist Yoko
46. Exfoliating scrubber
47. Fruit-filled pastry
50. Spike on a dragon's tail
51. Make a run for it
52. Nail salon tool
54. Jagged rock
55. "Aladdin" parrot named for a Shakespeare villain
56. Plumbing problem
57. Natural hairstyle
59. Drill insert
61. ___ Jima



#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City
Contact : Juliana Diesta # 09052264801
krusty.ebox@gmail.com

Publication: PVN Point Viewer Publishing
 Dates: September 28 - October 04, 2026

ANSWER LAST WEEK SUDOKU

P	L	U	S	S	I	N	S	S	A	C	K
I	O	N	S	A	C	H	E	C	A	C	H
P	O	W	E	R	B	A	L	L	O	N	I
S	K	A	Y	E	N	E	A	S	E	D	I
S	T	A	R	T	I	N	G	P	R	I	C
E	T	H	A	N	S	N	A	R	L	C	E
K	E	E	N	S	E	C	E	A	T		
E	N	D	G	A	M	E	K	E	Y	W	E
O	S	U	R	A	D	A	L	O	E		
A	B	S	P	R	A	T	T	F	I	E	N
F	L	A	S	H	F	R	E	E	Z	I	N
R	E	L	E	A	S	E	M	I	D	A	S
I	W	I	L	L	T	W	O	P	O	I	N
C	O	V	E	T	H	A	S	P	A	C	E
A	N	A	S		A	L	S	O	N	E	W

MONDAY WORD HUNT

TRUE BLOOD



SOOKIE
TARA
PAM
ALCIDE
STACKHOUSE

JASON
AUTHORITY
TRUE BLOOD
ERIC
SAM

LILITH
NORTHMAN
VAMPIRE

RUSSUL
BILL
MAKER

WITCH
COMPOTON
JESSICA

T	P	R	H	O	T	O	T	T	A	R	A
E	L	A	L	U	S	S	U	R	R	L	T
R	E	U	E	T	S	H	J	N	A	P	L
I	C	T	U	R	T	C	E	W	I	E	M
C	M	H	I	U	A	T	S	E	M	R	C
N	L	O	E	E	C	I	S	R	A	K	I
O	L	R	S	B	K	W	I	E	K	V	A
T	I	I	O	L	H	R	C	W	E	A	I
P	B	T	O	O	O	P	A	O	R	M	H
M	I	Y	K	O	U	A	S	L	J	P	T
O	M	O	I	D	S	M	M	F	A	I	I
C	A	M	E	O	E	T	A	O	S	R	L
E	D	I	C	L	A	E	S	A	O	E	I
N	O	R	T	H	M	A	N	R	N	H	L



FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel
Contact No. 09665262989

Publication: PVN Point Viewer Publishing
 Dates: September 28 - October 04, 2026

Pickleball World No. 1 Anna Leigh Waters, bibisita sa PH

Nakatakdang bumisita sa Pilipinas ang itinuturing na Pickleball World No. 1 na si Anna Leigh Waters sa darating na Oktubre para sa gaganaping Franklin Asia Pickleball Showcase.

Ang Pilipinas ang napiling kauna-unahang destinasyon ng naturang itaagidigang showcase bago ito itaguyod sa iba pang bansa sa Asya tulad ng Malaysia, Hong Kong, at Vietnam.

Inihayag ng organizers na ang bansa ang kasalukuyang nagtatala ng pinakamabilis na paglago sa larangan ng pickleball sa buong mundo matapos makapagrehistro ng impresibong 1,213% year-over-

year growth rate. Dahil sa mabilis na pagdami ng mga naglalaro at nagkakagusto sa naturang palakasan, inilagay nila ang Pilipinas sa tuktok ng mga prayoridad nito para sa kanilang

global expansion. Inaasahang magbibigay ng malaking inspirasyon sa mga lokal na atletang Pilipino ang pagbisita at pagtatanghal ng world number one player sa darating na buwan.



Alas Pilipinas, pinagbalingan ang Qatar sa Asian Games classification round

Kumamada nang matindi ang Alas Pilipinas Women matapos nilang walisin ang Qatar sa skor na 25-8, 25-2, 25-9 sa classification round ng 2026 Asian Games nitong Linggo sa Okazaki Chuo Sogo Park Gymnasium sa Japan.

Kahit nawalan na ng pag-asa para sa medalya, ipinamalas pa rin ng pambansang koponan ang kanilang dominasyon kung saan nanguna ang middle blocker na si Amie Provido na nagtala ng 18 puntos mula sa 10 attacks, apat na blocks, at apat na aces.

Umalalay rin sa opensa ang mga kabataang manlalaro na sina Shaina Nitura at Bella Belen na nag-ambag ng pitong puntos at anim na puntos para sa koponan.

Agad na kinontrol ng Pilipinas ang unang set sa pamamagitan ng 12-1 rally bago tuluyang isinara nina Nitura at Alyssa Solomon ang frame sa pamamagitan ng huling dalawang puntos.

Sa ikalawang set, nagpakawala ng matinding palo si Belen na nagpasimula ng 19-0 run ng Pilipinas, habang tinapos ni veteran setter Jia De Guzman at Belen ang huling set gamit ang ace at combination attack upang kuhanin ang mabilis na panalo.

Susunod na makakalaban ng Alas Pilipinas ang Mongolia sa isa pang classification match, kung saan ang mananalo ay uusad sa laban para sa ikalawang siyam na puwesto (9th place).

Pilipinas, nakamit ng unang medalya sa 2026 Asian Games sa Soft Tennis

Nakamit ng Pilipinas ang unang medalya nito sa 2026 Asian Games matapos magwagi ng bronze ang women's team sa soft tennis, binubuo ang koponan nina Hilary Paas, Princess Catindig, Noelle Mañalac, Christy Sanosa, at Shyryn Salazar-Balitang Pilipinas.

Nasungkit ng kupunan ang bronze matapos matalo sa host country na Japan, sa score na 0-2, sa semifinals. Sa kabilang pagkatalo, naging makasaysayang tagumpay ito para sa bansa bilang unang medalya ng Pilipinas sa edisyon ng 2026 Asian Games na ginaganap sa Aichi-Nagoya, Japan.

Sa kasalukuyang medal tally nasa ika-19 na puwesto ang Pilipinas.



Pilipina tennis star Alexandra Eala, sasa-bak na sa round of 16 ng Singapore Open

Pasok na sa second round ng Singapore Open, si Filipina tennis star Alexandra Eala, dahil apat lamang ang seeded players, nakuha si Eala ng first-round bye at awtomatikong pasok sa second round o Round of 16. Haharapin niya ang mananalo sa laban nina Tatiana Prozorova ng Russia, at Sofia Costoulas ng Belgium.

Gaganapin ang Singapore Open mula Setyembre 21 hanggang 27 at ito ang kauna-unahang WTA 500 tournament sa Southeast Asia.

Matapos ang Singapore Open, tutungo naman si Eala sa Aichi-Nagoya, Japan, upang katawanin ang Pilipinas sa 2026 Asian Games.



VOL. 09

ISSUE NO. 09

SEPT. 28 - OCT. 04, 2026

P 15.00



Gilas Women, pasok na sa quarterfinals ng 20th Asian Games

Pasok nasa quarterfinals ng 20th Asian Games ang Gilas Pilipinas Women matapos talunin ang Hong Kong, sa iskor na 90-73, nitong Linggo, Setyembre 20, sa Aichi International Arena sa Japan.

Matapos ang dikit na laban sa unang tatlong quarters, tuluyang kumawala ang Pilipinas sa fourth quarter sa

pangunguna nina Stefanie Barberabe, Afril Bernardino, Jhaz Joson.

Nagtala si Barberabe ng 21 puntos, habang nagdagdag si Bernardino ng 17 puntos at 11 rebounds. May 15 puntos naman si Joson, habang umiskor si Camille Malagar ng 14 puntos at 8 puntos naman ang naitala ni Elizabeth Medans

Dahil sa panalo, umakyat ang Gilas Pilipinas Women sa rank 1 ng group B na may record na 2-0 at awtomatikong nakapasok sa top eight.

Susunod na haharapin ng Gilas ang host country na Japan sa Martes para sa kanilang huling laro sa group stage.

Golden State, opisyal nang ipinakilala si Frank Vogel bilang Associate Head Coach

Opisyal nang ipinakilala ng Golden State Warriors si Frank Vogel bilang associate head coach ng koponan para sa 2026-2027 NBA Season. Unang napaulat na kinuha ng GS ang batikang coach noong July 2026, kasunod ng pagtatapos ng 2026 Finals. Inaasahang pangungunahan ni Vogel ang defensive game-planning ng GS sa ilalim ni Head Coach Steve Kerr.

Makakasama naman ni Vogel sa coaching staff ang iba pang batikang assistant coach tulad nina Ron Adams, Nicholas Kerr, atbp. Ang bagong associate head coach ng Warriors ang nanguna sa Los Angeles Lakers noong 2020 kung kailan ibinulsa ng koponan ang Finals trophy. Tuluyan din siyang lumipat sa Phoenix Suns noong 2023.

Matapos ang isang taon sa Suns, lumipat siya sa Dallas Mavericks hanggang sa tuluyang kinuha ng Golden State. Dati ring nagsilbi si Vogel bilang head coach ng Indiana Pacers at ng Orlando Magic.

Pormal na pagsisimula ng Asian Games tuloy na ngayong araw

Nakahanda na ang organizers ng 20th Asian Games sa Nagoya, Japan para sa kanilang pormal na opening ceremony. Gaganapin ang pormal opening ng dakong ala-6 ng gabi ngayong Sabado, Setyembre 19 oras sa Pilipinas.

Inamin ni Nagoya mayor Ichiro Hiroasawa na siya ring deputy president ng mga laro ay naging malaking hamon nila ang pag-ulan at pagdaan ng mga bagyo.

Noong nakaraang mga linggo ay dinaanang ng malakas na bagyo ang nasabing bansa bukod pa sa may inaasahan nilang panibagong bagyo na paparating.

Sa unang plano nila ay magtayo ng athlete's village

subalit dahil sa pagtitipid ay gumamit na lamang sila ng mga container housing, cruise ship at mga hotels para doon na tumuloy ang mga atleta.

Bagamat nagkaroon ng cost-cutting sa budget ay inamin ni Hiroasawa na lumobo din ang kanilang gastusin.

Aabot sa mahigit 17,000 na mga atleta at mga staff mula sa iba't-ibang bansa sa Asya ang magpapaligsahan.

Hindi naman makakadalala sa opening ceremony si Japanese Prime Minister Sanae Takaichi.

Nakakalat pa rin ang mahigit na 10,000 na mga kapulisan para tiyakin ang seguridad sa lugar.

Mayroong 43 sports

events ang lalahukan ng mga atleta sa dalawang linggong sporting events.

Bukod sa mga sports na boxing, crickets, foot-

ball, golf, gymnastics, table tennis, weightlifting, tennis, badminton ay mayroong e-sports, break dancing at BMX biking para lalong makaakit

sa mga kabataan.

Mayroong 11,000 na atleta at 6,000 na officials ang lalahok mula sa 45 na bansa at teritoryo ang maghaharap.

